
8

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Filipino 8_ Module 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Welmar Laorden, SST I
**Editor:** Dores P. Claro, Maria Consuelo C. Jamera
**Tagasuri:** Jessie C. Torreon, Fe M. Clerigo, Ma. Belinda Tulang, Jesesnie B. Gabisan
**Tagalapat:** Welmar Laorden, Daryl Henry P. Engracia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________________

**Department of Education - CARAGA Region**

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippies, 8600

Telefax: (085)342-8207 /(085)342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




# Alamin

Ang modyul na ito tungkol sa Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag ay may maramihang gamit. Una, matututunan mo ang mga kakayahang nasasalamin sa mga kasanayang nabanggit sa ibaba. Pangalawa, mas mapalalawak at mapalalakas ang mga kaalaman na iyong natuklasan sa naunang baitang. Panghuli, matutulungan kang mas mapahalagahan ang kulturang Pilipino at mahalin ng mas higit pa ang iyong pagka-Pilipino.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw bilang mag-aaral ay inaasahang:

1. Nagagamit ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag (pag-iisa-isa, paghahambing, at iba pa) sa pagsulat ng sanaysay. **(F8WG-IIf-g-27)**



# Subukin

A. Panuto: Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot na makikita sa loob ng kahon.

| |
|---|
| A. Pag-iisa-isa |
| B. Paghahambing at Pagsasalungat |
| C. Pagsusuri |
| D. Sanhi at Bunga |
| E. Pagbibigay ng Halimbawa |

____1. Ito ay nagpapatibay ng isang paglalahad. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa ay madaling makumbinsi o mahikayat ang nagbabasa o nakikinig.

____2. Tinatalakay rito kung ano ang sanhi at dahilan at kung ano-ano ang kinalabasan. Sa paraang ito madaling maikintal sa isipan ng mambabasa o nakikinig ang mga pangyayari.

____3. Sa paraang ito ay sinusuri ang mga salik o bagay-bagay na nakaapekto sa isang sitwasyon at ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ito.

____4. Ginagamit ang paraang ito sa paghahambing ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga bagay-bagay. Ang paraang ito ang pinakalimit na gamitin

____5. Ito ay isang paraan ng paglalahad ng isang kalagayan o sitwasyon sa pamamagitan ng maayos sa paghahanay ng mga pangyayari ayon sa talagang pagkakasunod-sunod ng mga ito.

B. Panuto: Batay sa paksa, sumulat ng isang simpleng pagpapahayag gamit ang iba't ibang paraang nakatala sa ibaba.

1. Pag-iisa-isa (Namanang Kultura sa Sinaunang Panahon)
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Paghahambing (Panliligaw noon sa ngayon)
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Pagsasalungatan (Curfew para sa mga Kabataan)
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
4. Sanhi at Bunga (Pagiging Masunurin sa Magulang)
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
5. Pagbibigay ng Halimbawa (Respeto sa nakatatanda)
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

| Aralin 1 | Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag |
|---|---|

# Aralin 1: Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag



## *Balikan*

Panuto: Bigyan ng sariling pananaw, opinyon o saloobin ang mga kinuhang bahagi ng akda. Maaring ilahad ang sagot sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag. Buoin ito sa 3-5 pangungusap.

1. Habang nakalapit sa rehas ay nakatingin sa labas, sinasabi niyang lahat ay kinuha na sa kanila, lahat, ay! Ang lahat ay kinuha na sa kanila…

*Halaw sa huling bahagi ng Kwentong Tata Selo ni Rogelio R. Sicat*

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

2. "Magpundar ka ng iyong sariling negosyo. Mabuti na 'yong makatindig ka sa sarili mong paa."

*Halaw sa Kwentong Saranggola ni Efren R. Abueg*

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

3. Dinig ko sa lungsod ang sumamo ng tao.
Dama ko sa parang ang paglatag ng abo.
Ngayong bawat araw ay sariwang panganib,
Hindi maghihilom ang sugatan kong awit.

*Halaw sa Tulang Ang Bilanggo ni Edgar Maranan*

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________



# Tuklasin

Panuto: Basahin at suriin ang isang sanaysay. Sabihin kung anong paraan ang ginamit upang ilahad ang kanyang damdamin tungkol sa paksa.

**Ang Pilay kong Bansa**

Sumayaw sabay sa himig ng hangin ang mga ala-ala. Tinangay ng malakas na alon ang mga basurang ikinakalat ng tao sa dalampasigan at hinahanap-hanap ng mga tao kung sino ang may gawa ng mga kalat na palutang-lutang sa karagatan na kasing lumbay ng hangin sa t'wing naaalala nila ang dating sila. Malinis, malayo sa mga taong mapanisi ng iba samantalang sila rin ang may gawa ng mga ito.

Marumi na, ang dating masayang pagkikilitian ng dagat at hangin ay dinumihan na ng mga marurupok at mapag-akalang kalat. Sinira, ang mga natitirang kasiyahan.

Minsan ang mga pag-iibigan ay nasisira sa mga mapanghusga na binahiran ng mga pag-iisip na hindi tama ng nakakahusga.

*https://malfredsoria.wordpress.com/*

Ano ang pinapaksa ng sanaysay? Paano niya ipinahayag ang kanyang damdamin? Tama. Ginamit niya ang paghahambing upang ipakita pagkakatulad ng pagbabago ng kapaligiran sa pagbabago ng damdamin ng tao. Maari mo rin ba itong ipahayag sa iba pang paraan? Halika't basahin at alamin ang talakayan sa SURIIN.



# Suriin

**Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag (Paglalahad)**

Ang paglalahad ay nagpapaliwanag, nagbibigay-kaalaman o pakahulugan at nagsusuri upang lubos na mapaunawa ang diwang inilalahad o nais ipaabot ng nagsasalita o sumusulat. Maaaring ito ay tumutugon sa mga katanungnan kung ano ang katuturan ng isang salita o bagay, kung paano ang pagsasagawa ng isang bagay, kung ano ang kakanyahan ng isang layunin o simulain.

Narito ang mga paraan na maaring gamitin sa pagpapahayag:

1. **Pag-iisa-isa**. Ito ay isang paraan ng paglalahad ng isang kalagayan o sitwasyon sa pamamagitan ng maayos sa paghahanay ng mga pangyayari ayon sa talagang pagkakasunod-sunod ng mga ito.

Halimbawa:

Pitong simpleng hakbang upang maprotektahan ang sarili at ang iba laban sa COVID-19:

1. Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay.
2. Iwasan ang paghawak sa iyong mata, ilong at bibig.
3. Takpan ang iyong ubo at bahing.
4. Iwasan ang matatao na lugar at malapit na pakikipagsalamuha sa taong may lagnat o ubo.
5. Manatili sa bahay kung ikaw ay masakit.
6. Kung ikaw ay may lagnat, ubo at hirap sa paghinga, magpakonsulta agad-ngunit tawagan mo muna ang health facility.
7. Kumuha ng impormasyon sa mapagkakatiwalaang awtoridad.

2. **Paghahambing at Pagsasalungat**. Ginagamit ang paraan na ito sa paghahambing ng magkatulad at pagkakaiba ng mga bagay-bagay. Ang paraang ito ang pinakalimit na gamitin. Dalawang uri ang paghahambing:

   **Paghahambing na magkatulad –** Ginagamit ito kung ang dalawang ihinahambing ay antas na katangian ng isang bagay o anuman.

Halimbawa:

1. Magkasing-haba ang buhok nina Karylle at Anne.
2. Magkasing-tangkad kami ni Joy.

   **Paghahambing na di-magkatulad –** Ginagamit ito kung ang hinahambing ay magkaiba ang antas ng isang bagay o anuman.

Halimbawa:

1. Mas mahaba ang buhok ko kaysa kay Michelle.
2. Mas matangkad ka kaysa kuya ko.

3. **Pagsusuri**. Sa paraang ito ay sinusuri ang mga salik o bagay-bagay na nakaapekto sa isang sitwasyon at ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ito.

Halimbawa:

Ang mga naiulat na sakit ay sumasaklaw mula sa mga tao na may banayad (mild) o walang mga sintomas hanggang sa mga taong nagkasakit ng malubha, na nangangailang maospital, at namamatay.

4. **Sanhi at Bunga**. Tinatalakay rito kung ano ang sanhi o dahilan at kung ano-ano ang bunga o kinalabasan. Sa paraang ito madaling maikintal sa isipan ng mambabasa o nakikinig ang mga pangyayari.

Halimbawa:

Dahil sa patuloy na kawalan ng disiplina, hindi pagtupad sa mga alintuntunin ng DOH at kawalang bahala sa nangyayari sa paligid patuloy na tumataas ang kaso ng COVID-19 sa ating bansa.

5. **Pagbibigay ng Halimbawa**. Ito ay nagpapatibay ng isang paglalahad. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa ay madaling makumbinsi o mahikayat ang nagbabasa o nakikinig. Siguraduhin lamang na tiyak o makatotohanan ang ibibigay na halimbawa.

Halimbawa:
Ang pagsusuot ng face mask ay isang halimbawa ng pagmamalasakit upang mapigilan ang pagkalat ng virus at makaiiwas sa sakit.

Sa pagsulat ng paglalahad ay kailangan ang malawak na kaalaman sa paksang tatalakayin, pagpapaliwanag sa kahulugan, malinaw at maayos na pagpapahayag at walang kinikilingan.

*Kuha sa Ikalawang Edisyon Pinagyamang Pluma, Grade 8,Phoenix Phublishing House*



## *Pagyamanin*

Panuto: Batay sa paksa, sumulat ng isang simpleng pagpapahayag gamit ang iba't ibang paraang nakatala sa ibaba.

Paksa: Laro ng Lahi

1. Pag-iisa-isa

2. Paghahambing at Pagsasalungat

3. Pagsusuri

4. Sanhi at Bunga

5. Pagbibigay ng Halimbawa



## *Isaisip*

Panuto: Dugtungan ang mga pahayag upang mailahad ang iyong mga natutuhan at naramdaman sa araling ito.

Madali kong natutuhan ang tungkol sa


______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Maaari ko itong gamitin sa

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Mahalaga ito sa akin dahil

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________



## *Isagawa*

Panuto: Magbasa ng impormasyon tungkol sa proseso ng Blended Learning. Sumulat ng sanaysay tungkol dito at siguraduhing magagamit ang iba't ibang paraan sa pagpapahayag sa gagawing tatlong talatang sanaysay. Bigyan ng magandang pamagat.

__________________

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________



## *Tayahin*

Pumili ng alinman sa mga paraan ng pagpapahayag. Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa pagmamahal sa bayan. Mag-isip ng isang magandang pamagat.

Paraan ng Pagpapahayag: ____________________________


____________________________

*Pamagat*

## ***Karagdagang Gawain***

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay na naglalahad ng sariling pananaw tungkol sa senaryong ibinigay. Mag-isip ng pamagat sa nabuong sanaysay.

*May mga Pilipinong nagpapalit ng kanilang pagkamamamayan o citizenship. Ano ang iyong sariling pananaw tungkol dito.*



# Susi sa Pagwawasto

## Subukin

1. E
2. D
3. C
4. B
5. A

Gamitin ang rubric na ito sa sariling pagtataya ng Gawain.

Lagyan ng tsek ( √ ) ang angkop na kolum.

| **Pamantayan sa Pagsulat ng Sanaysay** | **1** | **2** | **3** | **4** | **5** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Kaugnayan sa paksa | | | | | |
| 2. Kalinawan ng pananaw at opinyong nais iphiwatig | | | | | |
| 3. Kaaangkupan ng mga salita sa mga kabataang babasa | | | | | |
| 4. Lohikal na paghahanay ng mga kaisipan | | | | | |
| 5. Kawastuan sa paraang ginamit | | | | | |
| Kabuoang Puntos | | | | | |

Interpretasyon :

| | | | |
|---|---|---|---|
| 17-25 | Napakahusay | 8-15 | Mauhsay-husay |
| 16-23 | Mahusay | 1-7 | Paghusayin Pa |

## *Sanggunian*

Enrijo,Willita A., Bola, Asuncion B., 2013. Panitikang Pilipino-Ikawalong Baitang. Book Media Press, Inc. and Printwell, Inc. Unang Edisyon.

Samenian, Ria Mae A. 2018. Yugto.Pinagsanib na Wika at Panitikan.Gabay sa Pagtuturo.The Library Publishing House, Inc.

Lilibeth Dayrit Monton, Ma. Celeste del Rosario Aguila at Aida Marquez Guimarie. 1997. Daloy ng Diwa. Wika at Panitikan. Unang Edisyon. Trinitas Publishing Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifcaio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph* blr.lrpd@deped.gov.ph